

OFFICE OF THE CHANCELLOR

Ika-20 ng Oktubre 2017

MEMORANDUM NO. MLT-17 -196

Para Sa : Mga Dekano, Direktor, Kalihim ng Kolehiyo, Pinuno ng Yunit, Guro at Kawani, Tagapangulo ng Sangguniang Mag-aaral, Pinuno ng mga Samahang Pangmag-aaral, Alumni

Paksa : 2017 Year-End Program

Ngayong Disyembre 2017, ipagdiriwang natin ang 2017 Year-End Program ng UP Diliman na may temang "**UP Diliman: Paaralan, Palaruan**".

Kinuha ang tema ng pagdiriwang sa akda ni Johan Huizinga na pinamagatang "Homo ludens" (1938). Ginamit ni Huizinga ang terminong "*Homo ludens*" para ilarawan ang kalikasan ng tao at ng lipunan na lumikha ng mga laro na siyang bubuo sa kanilang kultura. Isang paglilibang ang laro – isang gawaing nakapagbibigay-aliw, ngunit hindi biro ang layunin ng mga laro. May mga tuntunin ang laro para mapanatili ang kaayusan, ngunit Malaya rin ang mga kalahok na umalpas sa de-kahong mga panuntunan para makalikha ng malaking pagbabago sa takbo ng laro. Malaya at nakakapagpapalaya ang laro. Sumasali ang mga tao sa laro hindi lamang para makakamit ng gantimpala kundi para makilahaok, makisangkot, at makialam.

Sa kasalukuyang mistulang ang tadhana na ang nakikipaglaro sa bayan, malaki ang papel na ginagampanan ng Unibersidad. Sa mga nagdaang araw, naging matingkad ang sama-samang pagkilos para pigilan ang iba't ibang tangkang yurakan ang mga karapatang taglay ng bawat kasapi ng lipunan. Paulit-ulit ang panawagan tungo sa isang mapagpalayang hukbo ng mga tagapagtanggol ng kalayaan. Sinasangkapan natin ang kaalaman at kasanayan ang mga manlalarong taga-UP para susunod pang antas ng pakikipagtagisan, at ipagtanggol sa karapatang mabuhay at mamuhay.

Kabilang sa programa ang sumusunod na mga aktibidad:


Aktibidad	Petsa, Oras at Lugar	Detalye
Pag-iilaw Para sa Pasko 2017 at Konsiyerto sa Plaza	Ika-24 ng Nobyembre (Biyernes), 6:30 ng hapon, Oblation Plaza	Pormal na pagbubukas ng mga pamaskong ilaw ng kampus na siyang hudyat ng pagbubukas ng Kapaskuhan sa UP Diliman.
Session Avenue (kick- off celebration of the 100 years of	Ika-1 ng Disyembre (Biyernes), 6:00 – 10:00 ng gabi, CMC Hill	Isang <i>on-ground music and cultural event</i> ang Session Avenue kung saan magsasama-sama ang mga <i>home-grown</i> at lokal na talento ng University of the Philippines. Itatampok ang iba't-ibang <i>indie</i>

By: PRG Celso
 Date: 10-24-2017
 Time: 10:04 AM

Philippine radio)		bands, solo artists, spoken word artists, manunula, at iba pa. Magkakaroon ng <i>open mic jamming session</i> kung saan maari ring magtanghal ang mga tagapanood. Ito rin ay magiging isang <i>taped-as-live music segment</i> para sa programang Soundtrip ng DZUP 1602. Bahagi ito ng selebrasyon ng ika-60 anibersaryo ng DZUP.
Messiah	Ika-7 at 8 ng Disyembre (Huwebes at Biyernes) 6:30 ng gabi, Abelardo Hall Auditorium	Libreng taunang pagtatanghal ng Kolehiyo ng Musika sa Paskong Kabanata ng Messiah ni George Frideric Handel. Tampok ang UP Concert Chorus, UP Cherubim and Seraphim, UP Staff Chorale, Villancico, Dawani Women's Chorus, UP Orchestra at marami pang iba!
Paligsahan ng Parol	Ika-15 ng Disyembre (Biyernes) 5:00 ng hapon – 9:00 ng gabi, Amphitheater	Paligsahan ito ng mga yunit pang-akademiko sa pinakamagandang parol na tumutugma sa temang <i>“UP Diliman: Paaralan, Palaruan”</i> . Maglalabas ang OVCCA ng hiwalay na detalye at alituntunin nito.
Parada ng mga Parol	Ika-15 ng Disyembre (Biyernes) 5:00 ng hapon – 9:00 ng gabi likot sa Academic Oval at magtatapos sa Amphitheater	Parada ito ng mga parol mula sa mga iba't-ibang kolehiyo at yunit. Susundan ito ng palatuntunan sa Amphitheater, pagtatanghal, paggawad ng premyo sa pinakamahusay sa paligsahan ng Parol, at ang inaabangang <i>fireworks display</i> .
Maskipaps: The Crossover	Ika-15 ng Disyembre (Biyernes) 7:00 ng gabi – 4:00 ng umaga, Sunken Garden	Inihahandog ng UP Beta Epsilon ang isang <i>music festival</i> pagkatapos ng Lantern Parade kung saan magtatanghal ang ibat-ibang banda at mga DJ.

Mangyari lamang na makipag-ugnayan sa OVCCA kung may nais kayong maisama sa mga aktibidad ng *2017 Year-End Program*.

Maraming salamat.



MICHAEL L. TAN, PhD
Tsanselor